Na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdadasal na binubuhat niya si Ama`mah bint Zainab,anak ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.

Ayon kay Abe Qatādah Al-Anśa'rie-malugod si Allah sa kanya-ay nagsabi;((Na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdadasal na binubuhat niya si Ama`mah bint Zainab,anak ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.)) At ayon kay `Abe Al-`A'ss bin Arrabie bin `Abdi Shams-malugod si Allah sa kanya-((Kapag siya ay nagpatirapa,inilalagay niya ito,at kapag siya ay tumayo binubuhat niya ito))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay binubuhat niya ang anak ng anak nito na si Ama`mah bint Zainab na siya ay nasa pagdadasal,at inilalagay niya ito sa balikat niya kapag siya ay nakatindig,at kapag siya ay nakayuko o nakapag-patirapa inilalagay niya ito sa lupa bilang pagmamahal at paglalambing.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3226